

Inuyama Multilingual News

Publishing • Editing:
Inuyama International Association
Petsa ng paglathala : 2024.10.15
Bersiyong Tagalog (No. 9)

Ang presensiya ng magulang ay nagpapalakas ng loob ng mga anak

Kawasaki Maria, ay ipinanganak sa bansang Pilipinas. Sa kasalukuyan, siya ay nagtatrabaho at namumuhay sa bansa kasama ang kanyang anak na nasa kolehiyo.

Dumating ang aking anak sa bansa noong Oktubre ng taong 2009, 2nd grading sa unang baitang ng elementarya. Bago pa man siya dumating ay napagdesisyon ko nang mag-resign sa aking full time job at nagtatrabaho ng 3 part time jobs. Pinapauna ko muna siyang umalis ng bahay para pumasok sa paaralan bago ako naman ang aalis patungo sa trabaho, at pinagsumikapan kong sa oras ng pag-uwi niya ay nakauwi na rin ako. Upang mapalago ang kanyang bokabularyo sa wikang nihongo, ginamit ko ang mga picture cards na binili ko sa bookstore at tinulungan ko siyang mag-aral ng mga ito. Kahit hindi pa siya nakakaintindi ng nihongo ay isinali ko rin siya sa Children's Association sa aming lugar. Ang makasama ang mga kaedad niya ay magandang oportunidad upang siya ay matuto ng nihongo. Ang tanging nasa isip ko lang ay ang matuto siya kaagad ng wika. Kahit hindi niya kaagad maunawaan ang aralin sa paaralan, mas ninais kong makaya niyang masabi ang kanyang saloobin sa Nihongo. Ninais kong masiyahan siya sa pag-aaral dito. Dumating ang araw na sinabi niyang "Ang saya dito sa Japan" at ako bilang nanay ay napasambit na lamang ng "Yatta!"



Upang mas mabilis siyang matutong mag-Nihongo, pinapapanood ko siya ng pang-umagang programa ng NHK. Kahit noon pa sa Pilipinas ay gusto na niya ang Disney channel, kaya naman ako ay nagpa-subscribe rin nito at pinapanood ko siya sa Nihongo at Ingles. Kung mayroon siyang hindi nauunawaan na salita ay huwag mag-atubiling magtanong ito ang lagi kong sinasabi sa kanya. Kung hindi ko rin alam ang dapat isagot, dalawa kaming nagsisiyasat sa internet. Ang kanji drill na ginagamit sa pagaaral sa paaralan ay inaral din namin na magkasama. Nagsimula rin ang multiplication table (Ku-Ku) sa 2nd grading period ng Grade 2. Naisip kong hindi pa nga siya mahusay sa nihongo, paano na kaya ang multiplication table! Pinangakuan ko siya na kung makakabisado niya ito bago mag-pasko, siya ay dadalhin ko sa Disneyland. Dahil sa kanyang pagsusumikap, kami ay nakapag-christmas eve sa Disneyland.

~Ano ang nais mong ibahagi sa mga nagpapalaki ng anak sa bansang Japan? ~

- ◆ Tayo ay magtiwala sa ating mga anak. Ang pagtiwala natin sa kanila ang magpapalago ng kanilang tiwala sa sarili. Ang tanging kakampi ng mga bata na nagsusumikap sa lugar na iba ang kultura at kaugalian ay tayong mga magulang nila. Lakasan natin ang ating loob at maging matatag para sa ating mga anak.
- ◆ Pakinggan ang nais sabihin o ipahiwatig ng ating mga anak, tiyakin na alam natin ang nangyayari sa paaralan, Kung may naging pagbabago ba sa pamumuhay o pag-uugali. Ang mga bata ay kadalasang nahihiyang magsabi sa kanilang mga magulang, kahit may suliranin, karamihan sa kanila ay hindi sila nagsasabi. Marami sa mga magulang ang nag-uutos na mag-aral nang husto ang kanilang mga anak, subalit bilang magulang ay kailangang alamin din natin ano ba ang kinakailangan na tulong ng ating mga anak. Halimbawa, kung hindi marunong sa arithmetic ang bata ay huwag sabihing "Hindi kasi nag-aaral!" Bagkus, pinakamahalaga na ating isipin kung ano ang magagawa nating tulong bilang magulang o guardian.
- ◆ Huwag mag-atubiling sumangguni sa katulad nating mga magulang, kababayan man o hapones. Kung mayroong hindi nauunawaan ay magtanong nang magtanong. Ako man ay nakatanggap din ng suporta mula sa mga taong nakapaligid sa akin, dahil sa kanila ay narito ako ngayon. Kung walang gagawing paraan upang malaman ang hindi nalalaman, ito ay hindi makakatulong sa ating mga anak.
- ◆ Kung tayo ay narito sa bansang Japan, kinakailangan na matuto tayo ng wikang Nihongo. Kung tayo ay matututo nito, tayo ay makakatulong sa mga bata, makakapag-usap ang bata at magulang ng tungkol sa maraming bagay. Mararamdaman ang masayang pamumuhay sa Japan kung maganda ang relasyon ng pamilya. Makakatulong rin sa paghahanap ng trabaho kung marunong sa wika. Sa mga hindi nagtatrabaho sa kasalukuyan, magtungo sa Hello work at itanong ang tungkol sa mga libreng vocational courses kung saan ay may Japanese classes. Marami pang vocational courses kung saan makakakuha rin ng allowance benefit at sertipikasyon ng patatapos nito. Nariyan din ang Inuyama International Association kung saan makakapag-aral ng Nihongo, magtanong lamang sa kanila.
- ◆ Kung plano ninyong manatili at dito manirahan sa mahabang panahon, makabubuting alamin ang sistema ng edukasyon, serbisyong administratibo, saan pupunta at kanino magtatanong kung magkaroon ng suliranin, lumikha ng inyong sariling koneksiyon upang may mahingian ng tulong sa oras ng kagipitan. Ang pinakamalapit ay ang paaralan. Ang paaralan ay tumutulong hanggang sa abot ng kanilang makakaya. Magtanong lamang sa kanila. Mayroon din namang Inuyama International Association o munisipyo. Sa Inuyama ay may mga interpreter kung kaya naman huwag mag-atubiling lumapit sa kanila.

Para sa maayos na hinaharap ng ating mga anak, tayong mga magulang ay magsumikap na matuto ng wikang Nihongo. Hindi nakakahiya ang mag-aral ng salita kahit tayo ay adulto na. Ipakita natin ang ating pagsusumikap sa ating mga anak, dahil ito ang makakapagpalakas ng kanilang loob.

Maghanda para sa lindol

Noong buwan ng Agosto, isang linggo pagkatapos ng lindol sa Miyazaki Prefecture sa Kyuushuu Island ay inilabas ang order na Nankai Trough Earthquake Temporary Information Warning. Bagama't tapos na ang durasyon ng panawagang ito, ating ipagpatuloy ang paghahanda sa posibleng lindol na dumating sa anumang oras.

◆ Pagtibayin ang malalaking appliances upang hindi ito matumba.



◆ Maghanda ng tubig sa PET bottle at emergency food.



◆ Tiyakin kung saan ang evacuation site sa inyong lugar.



◆ Laging ihanda ang pasaporte at residence card.



「Safety Tips」

<Application na magbibigay impormasyon sa panahon ng kalamidad>

- Wika ng pagtugon: Nihongo, Ingles, Intsik (Kantaiji, Hantaiji), Hangle, Espanyol, Portuges, Vietnamese, Thailand. Bahasa, Tagalog, Nepalese, Khmer, Burmese, Mongolian.
- Ang paggamit ng application ay libre.
- Ang notipikasyon ng impormasyon na matatanggap: Emergency Earthquake Bulletin, Tsunami Warning, Weather Bulletin, Volcanic Eruption Bulletin, Typhoon information, Heat Stroke Information, Public Protection Information, Evacuation Information.

Android:



iPhone:



Ako ay nakiisa sa tradisyonal na aktibidad na "Ishiage Festival" ng Inuyama.

Ako ay nasiyahan sa preskong hangin at berdeng kalikasan. Sumigla ang aking katawan.

Rifqi Makosid (Indonesia)



Halos lahat ng kasamahan ko sa trabaho ay nakiisa, sobra akong nasiyahan.
Imam Syafii (Indonesia)

Ang Ishiage Festival ay ginaganap tuwing unang Linggo ng Agosto sa bawat taon.

Mayroong lugar kung saan makakahalubilo ang iba habang may ginagawang aktibidad. Kahit kaunti lamang ang kakayahan sa Nihongo ay maaaring dumalo.

Kami ay nakikipag-ugnayan habang nakararanas ng mga pagdiriwang at kultura nang magkasama. Magkakaroon ka ng mga bagong pakikipagtagpo sa mga tao sa labas ng iyong lugar ng trabaho at pamilya



2024.03.03 Multicultural Exchange Cafe



2024.06.08 Interaction Assembly

Makikita rito ang iba't-ibang event.

Homepage



Facebook



X



Nagpasimula ang Inuyama International Association ng programang Home Visit. Sa programang ito, ang mga banyagang residente ay dadalaw sa tahanan ng pamilyang hapones, kung saan ay mararanasan ang ordinaryong pamumuhay at mapapalalim ang pang-unawa sa kultura ng bawat isa. Tinanong namin si Bb. Kojima Harumi na naging host family ng naging panauhin niyang nagmula sa bansang Cambodia at Vietnam.

3 beses na akong tumanggap ng Home Visit. Ang mga naging bisita ko ay mula sa Vietnam, Mongol at Cambodia. Sa taon na ito, ang estudyanteng si Oun na mula sa Cambodia at si Duyen na mula naman sa Vietnam.

Bagama't napakainit noong araw ng kanilang pagbisita, summer festival sa aming bayan, kaming 3 ay nagtungo sa shrine sa harapan ng aming bahay. Sa entrada ng shrine ay naghugas ng kamay at bibig, naghulog ng barya sa lalagyan ng alay sa harapan ng Shinden at nagdasal. Pinapanood ko rin sila ng pagbubuhay ng omikoshi ng mga bata na hinihila ng kabayong si Hariko. Nang mapakinggan ang mga pito at tambol, naalala nila ang piyesta sa kanilang mga bansa. Nais ko rin makapunta sa kanilang mga bansa.

Pagkatapos ay gumawa kami ng inarizushi, chawanmushi at pati na rin ensalada. Kapag kasama ko silang dalawa ay masaya ang hapag-kainan. Gayundin naman, pumanhik kami sa veranda, kinuha ang aking mga nilabhan at itiniklop nila. Naging natural ang kanilang mga pagkilos na para bang sila ay aking mga anak na babae.

Sa bawat taon ay aking naisip, sila ay mahuhusay na tao. Masayahin, seryoso sa buhay, mabait, mapagmahal sa magulang, na dapat kong gayahin. Mahalagang maranasan ang kultura ng ibang bansa, kaugalian, relihiyon at pagkain. Nais ko muling tumanggap ng mga bisita sa susunod na taon. Nais kong iparanas sa iba pang kaibigan na partisipante ng English class ng IIA, upang mapalalim ang ugnayan sa iba pang banyaga.

Ang masasabi ng mga partisipante

- ◆ Ang naging masaya ay ang sama-samang pagluluto at pagkain.
- ◆ Summer festival sa kalapit na shrine, ang naging pagpunta naming 3.
- ◆ Nalaman ko ang pamumuhay ng may edad nang hapones.
- ◆ Kung makikiisa sa Home Visit, makakaranas ng hindi pa nararanasang bagay. Lalo na ang ordinaryong pamumuhay at kaugalian ng mga hapones, kung may pagkakataon ay makiisa sa aktibidad na ito.



Aming ipinapakilala ang mga nagsusumikap sa Inuyama Nihongo Classroom

Manabe Beatriz, may lahing Hapones at Espanyol, Nasyonalidad: Peru, dumating sa bansa noong Hulyo 2022.

Dahil sa pagnanais kong matutunan ng aking mga anak (10 at 7 taong gulang) ang kultura ng bansang Japan ay magkakasama kaming pumunta rito at 2 taon na ang nakakaraan. Ako ay nag-aaral rin ng conversational nihongo sa Inuyama Nihongo Classroom (Niji class). Masaya ang mapakinggan ang karanasan at bagong impormasyon mula sa mga



boluntaryo. Bagama't nais kong matutunan ng mga anak ko ang wikang Nihongo, ayoko rin namang makalimutan nila ang sarili nilang wika kaya sa bahay ay Espanyol ang aming salita. Ako ay nag-aaral rin mag-nihongo upang maturuan ko ng takdang-aralin ang aking mga anak. Kasama rin akong nag-aaral ng kanji ng mga anak ko. Gusto ko ang Takoyaki, sushi at mga keyholder dito sa Japan.

<Komento mula sa in-charge volunteer na si Oka Junko>

Siya ay hindi lumiliban sa klase. Dati na rin yata siyang nakapanirahan rito kaya mahusay na siyang magsalita. Bilang paghahanda sa aralin, sinisiyasat niya ang susunod na paksa, lumikha ng magasin mula sa mga litrato ng iba't-ibang piyesta at iginuhit na mga popular na pagkain ng Peru, at ipinahayag sa amin. Kami sa Niji Class ay kinikilala ang bawat isa habang pinagyayaman ang komunikasyon at samahan habang nag-aaral ng Nihongo.



Ang trabaho ay isang relasyon ng mahalagang pagtitiwala. Para makalikha ng isang lugar ng trabaho na kung saan ang mga tao ay maaaring magtrabaho nang komportable, mahalagang gumawa ng matatag na mga hakbang sa pagsulong.

■ Nakapanayam namin ang Kinatawan at Direktor ng Taishin Juki Service Co. na si Ginoong Uchida Nobuya,



Kaliwa: G. Sotto Kanan: G. Uchida Presidente

Dahil sa takbo ng kasalukuyang panahon, naging suliranin ang mahirap na pagkuha ng manggagawa para sa maliliit at katamtamang laki ng mga negosyo. Narinig ko ang pagkuha ng mga banyagang empleyado sa isang pag-aaral ng technical internship system at ako ay lubhang nagkainteres dito.

Ang presidente ng kumpanya at ang kanyang mga kasamahan ay nabigyan ng kuwalipikasyon upang maging life instructor at nagdesisyong kumuha ng mga technical interns

mula sa Pilipinas noong taong 2019.

Nangunguna rito ang kaligtasan at walang aksidente na mangyayari sa trabaho. Subalit upang matutunan ang detalye ng trabaho ay kinakailangan nilang malagpasan ang pader ng wikang Nihongo.

Ang manager ng pabrika ang nagtuturo sa mga intern trainees, subalit madalas na sumosobra ang mahigpit na pagsasanay na kalaunan ay wala nang mapuntahan ang mga manggagawa. Bilang isang kumpanya, muli naming pinag-aralan ng mga panuntunan sa trabaho at sinimulang lumikha ng komportableng kapaligiran sa pagtatrabaho para sa kanila.

Hindi lamang sa salita kundi pati na rin ang paggamit ng video upang maituro ang detalye ng trabaho, at nag-aplay rin kami ng subsidiya para sa paglikha ng manwal na susundan ng mga manggagawa upang matutunan ang trabaho.

Noong una ay ipinagbabawal ang smart phone sa oras ng trabaho, ngunit ito ay pinayagan kalaunan dahil sa magagamit ang translator application nito sa pag-uusap ng mga bagay tungkol sa trabaho. Bagama't ipinag-aalala na sila ay gumamit ng smart phone sa oras ng trabaho sa personal na intensiyon, ay kinakailangan na sila ay pagkatiwalaan. Sa kabilang banda, inisip ko rin na sana ay matutuhan nila ang wikang Nihongo. Sa trabaho, mahalaga ang ugnayan na binubuo ng pagtitiwala.

Sa kasalukuyan, dalawa sa apat na trainees ang nakakuha ng No. 1 Technical Skills Certificate. Ang pakikipagtulungan sa mga taong may iba't ibang wika at kultura ay maaaring maging isang hamon sa maraming paraan, ngunit sila ay may masayahin at palakaibigang personalidad.

Naging maaliwalas ang bawat oras na nasa trabaho. Inaasahan ko na sa hinaharap, sa pagdating ng mga bagong manggagawa ay tratuhin nila ang mga ito nang may pagmamahal dahil na rin sa mahirap na karanasan na kanilang nalagpasan

Si Mr. Sotto (Pangalawa mula sa kaliwa) Kasama ng kanyang mga kasamahan ⇒



Komento ni Mr. Alexander Sotto (Pilipino)

Kung mayroong naging pagkakamali o nagkaroon ng aksidente, sa bansang Japan ang responsibilidad ng babalikatin ng kumpanya. Mahalaga na huwag magdesisyon nang hindi sumasangguni sa kinauukulan. Upang huwag makaabala sa kumpanya, akin munang "tinitiyak at ako ay nagtatanong" bago gawin ang isang bagay.

Sa isa sa mga panayam kay Mr. Sotto ay naikuwento niyang "Sinabi sa kanya ng dalawang nakatatandang kapatid sa Pilipinas na kung gusto niyang magtrabaho sa Japan, kailangan ay may baon siyang "pasensiya," kaya naman ako ay pumunta dito sa Japan nang may baong "mahabang pasensiya."

Sa manufacturing industry, kung mapagbubuti ang pagpapanatili ng kalidad ng produkto, mahalagang bigyan rin ng prayoridad ang kaligtasan at walang maging pagkakamali sa gawain sa trabaho, naramdaman ko rin ang pagkakaroon ng hindi pagkakaunawaan dahil na rin sa hadlang na dulot ng kakulangan sa kaalaman sa wika. Sa gitna ng "kakulangan sa kaalaman sa wika" at "magkakaibang kultura" upang maisagawa ang trabaho at makuha ang tiwala ng mga kliyente ay napakahalaga ng magkakasamang pagsusumikap ng bawat isa na siya kong natutunan sa panayam na ito. (Panayam ni Tsuji Aiko)

Mga Panayam sa mga Tagapagturo ng Kurso sa Wika


Ang Inuyama International Association ay nag-aalok ng mga kurso sa wika na itinuturo ng mga katutubong nagsasalita. Sa pagkakataong ito, nakapanayam namin ang isang tagapagturo ng Espanyol na si Ms. Kuwagaki Michelle

Lugar ng kapanganakan : Colombia Ang gusto ko sa Japan : Mababait ang mga Hapones. Gusto ko ang Mt. Fuji at soba noodles.

Katangian ng Espanyol : Dahil ang pagbigkas ng mga patinig ay kapareho ng sa Nihongo, mas Madali itong bigkasin kaysa sa Ingles. Bilang karagdagan, ang Espanyol ay wika sa 21 bansa sa buong mundo, kaya kung mag-aaral ng Espanyol, magagawang makipag-usap sa mga lokal kapag naglalakbay sa mga bansang ito ang wika.

Tungkol sa mga Kursong Espanyol : Sa mga "nagsisimula para sa Espanyol" una kong itinuturo ang mga maaaring magamit sa pakikipagkomunikasyon sa paglalakbay. Kung makikinig sa aktwal na panayam ng Espanyol sa kurso, masisiyahan kayo sa pakikipag-usap kapag naglalakbay sa South America at iba pang mga bansa. Kung Kung may gustong pumunta sa South America, inirerekomenda ko na kunin ang kurso ko.

Mensahe : Ako ay nanggaling sa kabilang panig ng Asya, kaya naman magkakaiba ang ating kultura, atbp. Subalit mahalaga ang komunikasyon upang maging "amigos" at bilang tao ay mapalawak ang ating kaisipan. Gawing "amigos" ng mga hapones ang mga banyaga. Gayundin naman, ang mga banyagang naninirahan sa bansa ay maging bukas sa pakikipagkaibigan at gawing "amigos" ang mga hapones.



Humanga ako kay Ms. Michelle sa pagpapahalaga niya sa kanyang pinagmulan (kultura, wika, pagluluto, at iba pa.) at sa pagbabahagi ng kagandahan ng kanyang sariling bansa at sa mga nakapaligid sa kanya.

(Panayam ni : Mr. Ogino Kiyohiko)

- ※ Ang ibig sabihin ng "Amigo" sa salitang Espanyol ay 'kaibigan'
- ※ Iba pang mga wika na itinuturo sa mga kurso sa wika: Pakikipa- usap ng Ingles, Korean, Intsik, Aleman, Pranses, Portuges.

※ Impormasyon sa kurso ng wika ⇒



Mayroong isang lugar upang makipag-usap sa mga tao mula sa iba't-ibang bansa sa kaparehong katayuan ng wikang hapon!



Nagkikita kami minsan sa isang buwan para sa isang oras para pag-usapan ang isang partikular na paksa. Pinag-uusapan namin ang aming mga ideya habang nakikilala ang kultura at kaugalian ng isa't isa. Ang pakikipag-usap sa mga tao mula sa iba't-ibang bansa ay isang mahusay na paraan upang tumuklas ng mga bagong bagay.



◆ Aplikasyon :

<https://forms.gle/cLmM8LAJmsozaQVB8>

"Multicultural Chatting Club - Online" * Isinasagawa ito ng karaniwang araw at Sabado (salitan).

Susunod na petsa at oras: Oktubre 25 (Biyernes) 19:30-20:30

Tinanong namin si Ms. Anh, na namamahala sa tagasuportang namamalakad ng mula Abril hanggang Agosto

◆ Ano ang pinakamagandang bagay tungkol sa pagiging isang tagasuportang namamalakad?

Nagpapasalamat ako sa inyong lahat sa pagiging kaibigan ko. Salamat sa inyong lahat, naging kawili-wili at hindi ko malilimutan ang buhay ko dito sa Japan.

Ms. Votuyet Anh
(Vietnam)



◆ Mangyaring magbigay ng mensahe sa mga hindi pa sumasali sa "Multicultural Chatting Club".

Sa Multicultural Chatting Club, ang lahat ay magagalang sa isa't isa at nakikinig sa mga sinasabi ng iba, kaya sa tuwing ako ay nakasali, nakakapagsalita ako ng Nihongo nang walang pag-aalinlangan!

Kaya naman, kung ikaw ay Hapones, ito ay isang magandang pagkakataon na magkaroon ng mga banyagang kaibigan. Gayundin naman, kung ikaw ay isang banyaga sa bansang Japan ito ay isang magandang pagkakataon na magsanay ng wikang nihongo. Mangyaring sumali sa aming multicultural chatting club.

Iba't ibang kultura at kaugalian - Vietnam

Narinig ko ang isang kuwento tungkol sa isang bisitang Hapones sa Vietnam na nagulat nang makita ang isang klerk ng tindahan na umidlip sa ilalim ng istante ng produkto ng isang tindahan sa Vietnam, Sa Vietnam, kaugalian na ang umidlip. Ang pag-idlip ay nakakapagpabuti ng konsentrasyon at kahusayan sa pagsapit ng hapon! Paano naman sa iyong bansa?



Nakakatuwa na wikang nihongo Onomatopoeia !

Alam mo ba kung ano ang "onomatopoeia"? Ang Onomatopoeia ay isang termino na nagpapahayag ng isang estado ng isang paggalaw sa pamamagitan ng mga tunog. Kung natututo ka ng Japanese onomatopoeia, mas masisiyahan kang makipag-usap sa wikang Hapon. Subukang gamitin ito!

Doki-doki



Tila marahas na pagtibok ng puso, pagkabalisa, nerbiyos, takot, o kaya pagkatapos kaagad ng matinding ehersisyo.

Run-run



Ang paraan ng pagkabigla ng puso sa saya at kaligayan.

Hin-yari



Ang pakiramdam ng nanlalamig, sa punto ng pagiging kaaya-ava.

Kusu-kusu



Ang paraan ng pagtawa sa isang maliit na boses, Pati ang boses na yun.

Cool Japan

Bon Festival Dance

Sigurado ako na sa iyong bansa, ay may mga tradisyonal na mga sayaw, sayaw para sa kasalan, party, at iba pang mga pagtitipon. Sa Japan, nagtitipon ang mga tao sa mga Shrine at plaza o malawak na lugar upang tamasahin ang kasiyahan ng "Bon Odori" sa tag-araw. Isang entablado ang itinayo sa gitna ng plaza at sumasayaw ang mga tao sa saliw ng musika habang umiikot ng entablado. Maraming tao ang lumalahok na nakasuot ng yukata.

Ito ay bukas para sa lahat, isang lugar kung saan ang mga tao sa lahat ng edad at kasarian ay maaaring dumalo at magkita-kita rito. Kapag ang maraming tao ang nagsama-sama na masayang pnagsasayaw ay nabubuo ang isang "bilog" at nakakaramdan ng "pagkakaisa".



Pang-editorial

[Sinusulat ko ang skriptong ito sa gitna ng hindi pangkaraniwang mainit na panahon na akma sa terminong "matinding init," at pinagpapawisan ako. Ang Inuyama Multilingual News ay inilathala sa 7 iba't-ibang wika, kaya nagpapasalamat kami sa pakikipagtulungan at suporta ng mga sumusunod na boluntaryong tagapagsalin araw-araw!

Bago ang bawat publikasyon, inanyayahan namin ang aming mga miyembro na magtipon para sa pagpupulong sa pagsasalin. Sa huling pagpupulong, tinalakay namin ang tema ng "Ano ang mahalaga para sa mga multikultural na mamuhay nang sama-sama sa komunidad," At narito ang ilan sa mga opinyon na ipinahayag sa talakayan.

- Hindi ako komportable sa terminong "dayuhan" dahil ako ay isang "indibidwal" at hindi isang "bansa". Ang pagsasama-sama ng mga tao bilang mga dayuhan ay maaaring humantong sa pagkiling at maging kasapi.

- Ako ay isang "dayuhan" kahit noong ako ay nasa Brazil, at ako ay isang "dayuhan" pagdating ko dito sa Japan.

Walang tao na pinangalanan na "dayuhan o banyaga". Ito ay isang opinyon na muling nagpaalala sa atin na ang bawat isa sa atin ay isang natatanging "tao" na may sariling katangian o personalidad.

Inuyama Multilanguage Newsletter

Publikasyon/Editor: Inuyama International Multiexchange Association

〒484 - 0086 Aichiken Inuyama-shi Matsumoto-cho 4-21 Inuyama Community Center 『Freude』

TEL: (0568) 48-1355 FAX : (0568) 48-1356 HP : <http://iiea.info> E-mail : iia@grace.ocn.ne.jp

Boluntaryong tagapagsalin ng wika:

Ingles: Kusakabe Kazuro, Yasumura Megumi, Uchimura Hidetomo, Lesley Walter

Espanyol: Tawara Carlos, Ruiz Bulnes Ricardo Arturo, Saeki Liliana

Portugues: Yara Marcos, Akagi Kazunori, Akagi Mitsue, Yoshida Gisele, Ishikawa Chiaki

Chinese: Harita Misako, Ten Ru, Sun Jiao, Yang Liya, Ozawa Tsutomu

Vietnam: Pham Thi Nhu Hau, Tran Van-Ha

Tagalog: Higuchi Marita, Kawasaki Maria

※bersyon ng data⇒

